**GRADE V**
**KAALAMAN AT KASANAYAN SA PAGKUKUMPUNI**




## ALAMIN MO

***"Makatitipid ka nang malaki kung marunong kang magkumpuni." Ito'y isang paalala upang ng sa gayon ay makatipid ka. Lalo na sa panahon ngayon na kaunting bagay lang ay binabayaran. Kaya kung malalaman mo ang tamang kaalaman, kasanayan at kahusayan sa pagkukumpuni ay maaayos ang lahat ng mga sirang kagamitan sa loob ng tahanan o ng paaralan ng walang malaking gastos.***

***Kaya't inaasahan na sa pagtatapos ng modyul na ito:***


- ***Matutukoy mo nang tama ang mga sirang bahagi ng kasangkapan tulad ng paa ng mesa, silya at iba pa***
- ***Magagamit nang wasto ang mga materyales at kasangkapan o kagamitang dapat na gamitin sa pagkukumpuni***




## PAGBALIK-ARALAN MO

**Isulat sa kuwaderno kung anong kasangkapan ang tinutukoy. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot.**


_____ 1. Ginagamit sa pagkuha ng tamang haba at sukat ng materyales.
_____ 2. Ginagamit sa pagputol at paghugis ng kahoy o bakal.
_____ 3. Pangkaraniwang ginagamit na pamukpok ng pako sa kahoy.
_____ 4. Ginagamit upang kuminis at pumantay ang ibabaw ng kahoy.
_____ 5. Ginagamit upang higpitan o luwagan ang mga turnilyo.




A.




B.



K.



D.



E.

## PAG-ARALAN MO

Kahit na gaano ka pa man kaingat sa paggamit ng mga kagamitan o kasangkapan ito ay nasisira din. Kaya't dapat mo na itong kumpunihin bago pa lumala ang munting sira.

Paano mo matutukoy kung ang mga kagamitan sa inyong tahanan ay may sira at dapat na itong kumpunihin? Simple lang ang dapat mong gawin. Suriin o tingnan mabuti ang mga kagamitan o kasangkapan na may sira. Ihiwalay ang mga ito para sa dagliang pagkukumpuni at kung marami na ang bagay na dapat kumpunihin ay gumawa ng isang talaan ng mga bagay na dapat kumpunihin.

Isang halimbawa ng talaan ay ang makikita sa ibaba.


Halimbawa ng talaan:


| Bagay na May Sira | Parte na Dapat Kumpunihin | Ang Dapat Gawin |
|---|---|---|
| 1. mesa | paa | palitan |
| 2. plug | koneksiyon | isaayos sa pamamagitan ng disturnilyador |
| 3. silya | sandalan | alisin ang parteng may sira at ipako |

Matapos mong gawin ang isang talaan, kailangan mo nang malaman ngayon ang mga materyales at kasangkapang dapat mong gamitin sa pagkukumpuni.

Makatutulong nang malaki ang mga sumusunod upang makapili ka ng tamang kagamitan na angkop gamitin sa bawat sira sa iyong pagkukumpuni.

Gomang Pambomba





Disturnilyador




Liyabe de tubo


Kagamitan sa pagkukumpuni ng sirang kable ng kuryente o mga kagamitang pang-elektrisidad.

Long nose plier






Disturnilyador




Side Cutter Plier


Mga kagamitan sa pagkukumpuni ng mga bagay na gawa sa kahoy.

Metrong Panukat






Eskwala



Lagare



Katam



Martilyo

## SUBUKIN MO


- Libutin mo ang loob ng iyong tahanan at sa kalapit na bahay at itala mo sa iyong kuwaderno ang mga bagay na madalas masira na kayang kumpunihin ng isang batang katulad mo.

| | |
|---|---|
| 1. | 6. |
| 2. | 7 |
| 3. | 8. |
| 4. | 9. |
| 5. | 10. |

- Itala mo ang mga kagamitan o materyales na dapat mong gamitin sa iyong gagawing pagkukumpuni.


- Gamitin ang talahanayang ito upang mapadali ang pagkukumpuni.

| Bagay na Madalas Masira | Kagamitan sa Pagkukumpuni |
|---|---|
| 1. mesa | lagari, pako, martilyo |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |



## TANDAAN MO

- Mapapadali ang pagkukumpuni kung nalalaman ang mga bagay na dapat mong gamitin
- May iba't ibang kagamitan sa bawat kasangkapang ating kinukumpuni
- Mahalaga ang wastong paggamit ng mga kasangkapan sa pagkukumpuni upang maiwasan ang anumang sakuna o disgrasya



## ISAPUSO MO

1. Paano mo aalagaan ang mga kagamitan sa iyong tahanan?
2. Ano ang dapat mong gawin upang makaiwas sa mga sakuna sa paggamit ng mga kagamitang pangkumpuni?
3. Bakit mahalagang habang maaga ay kumpunihin na ang munting sira sa ating mga kasangkapan?






## GAWIN MO


- Iguhit sa isang malinis na cartolina ang mga bagay na ginagamit sa pagkukumpuni ng mga sirang kagamitan na gawa sa kahoy.





## PAGTATAYA

Kilalanin ang pangkat ng mga kagamitang nasa larawan at isulat sa iyong kuwaderno ang kaukulang gamit nito.



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging Pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**

